# KAILANGAN BA NG DIYOS ANG ATING PAGSAMBA? BAKIT NILIKHA NIYA TAYO UPANG SAMBAHIN SIYA?

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang Diyos ang nag-iisang Natatangi na nararapat sa lahat ng ating pagsamba, at nilikha tayo upang sambahin Siya. Ang artikulong ito ay tumutukoy sa dalawang madalas na itanong na sumusunod: Kailangan ba Niya ang ating pagsamba at bakit Niya tayo nilikha upang sambahin Siya?

**Ni:** Hamza Andreas Tzortzis (http://www.hamzatzortzis.com)

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 13 Dec 2017

Ang pinakamahusay na paraan upang sagutin ang mga katanungang ito ay dapat unang maunawaan kung sino ang Diyos sa konteksto ng pagsamba. Ang Diyos sa kahulugan ay ang Isa na may karapatan sa ating pagsamba; ito ay isang kinakailangang katotohanan ng Kanyang sariling pag-iral. Paulit-ulit na itinatampok ng Quran ang katotohanan tungkol sa Diyos,

***"Katotohanan, Ako ang Allah; walang ibang diyos maliban sa Akin. Kaya, Ako ay sambahin mo [tanging Ako] at magsagawa ka ng pagdarasal bilang pag-alaala sa Akin." (Quran 20:14)***



Yamang ang Diyos, sa kahulugan, ay ang Nag-iisang nag aangkin ng karapatan ng ating pagsamba, kung gayon ang lahat ng ating mga gawa ng pagsamba ay dapat na iukol lamang sa Kanya.

Sa tradisyon ng Islam ang Diyos ay itinuturing na Siya ang pinaka perpekto sa lahat. Siya ay nagtataglay ng lahat ng mga perpektong pangalan at katangian sa maaring pinakamataas na antas. Halimbawa, sa teolohiya ng Islam na ang Diyos ay inilarawan bilang Ang Mapagmahal, at nangangahulugan ito na ang Kanyang pag-ibig ay ang pinaka perpektong pag-ibig at ang Kanyang pag-ibig ay ang pinakadakilang pag-ibig sa lahat. Ito ay dahil sa mga katangiang ito na dapat sambahin ng Diyos. Palagi nating pinupuri ang mga tao sa kanilang kabaitan, kaalaman at karunungan. Gayunpaman, ang kabaitan, kaalaman at karunungan ng Diyos ay nasa pinakamataas na antas na wala ng kakulangan o pagkukulang. Samakatuwid, karapat-dapat Siya sa pinaka malawak na anyo ng papuri at ang pagpupuri sa Diyos ay isang anyo ng pagsamba. Ang Diyos din ang nag-iisang May karapatan sa ating mga pagsusumamo at panalangin. Alam Niya ang mabuti para sa atin, at nais din niya kung ano ang mabuti para sa atin. Ang ganitong Umiiral na may mga katangiang ganito ay dapat pag ukulan ng pagsamba, at hilingan ng tulong. Ang Diyos ay karapat-dapat sa ating pagsamba sapagkat mayroong isang bagay tungkol sa Diyos sa pagiging Siya. Siya ang Umiiral na

may pinaka perpektong pangalan at katangian.

Ang isang mahalagang punto patungkol sa pagsamba sa Diyos ay ang Kanyang karapatan kahit na hindi tayo tatanggap ng anumang uri ng kaginhawaan. Kung mabubuhay tayo ng buhay na puno ng pagdurusa, ang Diyos ay dapat pa ring sambahin. Ang pagsamba sa Diyos ay hindi nakasalalay sa ilang uri ng magkakaugnay na relasyon; Binigyan Niya tayo ng buhay, at sinasamba natin Siya bilang kapalit. Huwag sanang humantong sa di pagkakaunawaan ang sinasabi ko dito, ipinakita sa atin ng Diyos ang maraming pagpapala; gayunpaman, Siya ay sinasamba dahil sa kung sino Siya at hindi kinakailangan kung paano Siya magpapasya - sa pamamagitan ng Kanyang walang hanggan na karunungan — upang ipamahagi ang Kanyang kasaganahan. Maraming iba pang mga kadahilanan kung bakit ang Diyos ay karapat-dapat sa ating pagsamba (na may kinalaman sa pag-ibig, pagiging mapagpasalamat sa ating mga biyaya, atbp.), Gayunpaman ang partikular na paksang ito ay tatalakayin sa ibang artikulo.

## Kailangan ba ng Diyos ang ating pagsamba?

Ang karaniwang tanong na ito ay lumitaw dahil sa hindi pagkakaunawa sa Diyos sa tradisyon ng Islam. Malinaw na ipinaliliwanag ng Qur'an at ng mga tradisyon ng Propeta na ang Diyos ay nasa Pinaka Mataas at walang anumang pangangailangan; sa madaling salita, Siya ay ganap na independyente (walang pangangailangan):

***"Katotohanan, ang Diyos ay Mayaman, [walang kailangan] sa mga nilikha." (Quran 29:6)***

Samakatuwid, hindi tayo kailangan ng Diyos na sumamba sa Kanya. Wala siyang nakukuha mula sa ating pagsamba, at ang kakulangan natin dito ay hindi makakabawas sa Diyos. Sumasamba tayo sa Diyos sapagkat — sa pamamagitan ng karunungan at awa ng Diyos — nilikha Niya tayo sa ganoong paraan. Ginawa ng Diyos na ang pagsamba ay mabuti at kapaki-pakinabang para sa atin, mula sa parehong makamundo at espirituwal na pananaw.

## Bakit nilikha Niya tayo upang sambahin Siya?

Ang sumusunod mula sa sagot na ito ay karaniwang ang tanong: *Bakit tayo nilikha ng Diyos upang sambahin Siya?* Ang Diyos ay isang napakagandang Umiiral, at samakatuwid ang Kanyang mga aksyon ay hindi lamang mabuti, sila ay mga pagpapahayag ng Kanyang kalikasan. Bilang karagdagan, ang Diyos ay mahal ang kabutihan. Ang katotohanan na nilikha ng Diyos ang mga makatuwirang nilalang na malayang pumili upang sumamba sa Kanya at gumawa ng mabuti, ang ilan ay hanggang sa punto na maging mataas sa kabanalan tulad ng mga propeta, at pagkatapos ay bibigyan ng buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos, ang makalampas sa walang hanggan na pag-ibig at pagsasama, ay ang pinakadakilang kwento sa lahat. Dahil sa Gustung-gusto ng Diyos ang lahat ng kabutihan, malinaw kung bakit gagawin Niyang totoo ang kuwentong ito. Bilang buod, nilikha tayo ng Diyos upang sambahin Siya sapagkat nais Niya ng mabuti

para sa atin; sa madaling salita nais Niyang pumunta tayo sa Paraiso. Nilinaw niya na ang mga nagkamit ng Paraiso ay nilikha upang maranasan ang Kanyang awa:[1]

***"At kung ninais lamang ng iyong Panginoon, Kanyang magagawang pagbuklurin ang sangkatauhan bilang isang Ummah [isang pamayanan at relihiyon], nguni't sila ay hindi magsisipagtigil sa pagkakaiba. Maliban sa kanila na ginawaran ng habag ng iyong Panginoon, at iyan ang dahilan kung bakit sila ay Kanyang nilikha." (Quran 11:118-119)***

Ang Paglikha ng Diyos sa atin upang sambahin Siya ay hindi maiiwasan. Ang kanyang perpektong mga pangalan at mga katangian ay kusang mahahayag. Ang isang artista ay hindi maiiwasang gumawa ng gawaing sining dahil mayroon siyang katangian ng pagiging masining. Sa higit na kadahilanan, hindi maiiwasang likhain tayo ng Diyos upang sambahin Siya sapagkat Siya ang Isa na karapat-dapat sambahin. Ang kawalan ng kakayahang ito ay hindi batay sa pangangailangan ngunit sa halip isang kinakailangang pagpapakita ng mga pangalan at katangian ng Diyos.

Ang isa pang paraan ng pagsagot sa katanungang ito ay upang maunawaan na ang ating kaalaman ay marupok at may hangganan, kaya hindi natin maiintindihan ang kabuuan ng karunungan ng Diyos. Tulad ng naunang nabanggit, kung nauunawaan natin ang lahat ng karunungan ng Diyos, nangangahulugan ito na tayo ay magiging mga Diyos o ang Diyos ay magiging katulad natin. Parehong imposible. Kaya, ang katotohanan na maaaring walang sagot sa tanong na ito ay nagpapahiwatig ng mataas na kaalaman ng Diyos. Bilang buod, nilikha Niya tayo upang sambahin Siya dahil sa Kanyang walang hanggang karunungan, hindi natin maiintindihan kung bakit.

Ang isang praktikal na paraan ng pagtingin sa tanong na ito ay ipinaliwanag sa sumusunod na ilustrasyon. Isipin na ikaw ay nasa gilid ng bangin at may nagtulak sa iyo sa karagatan sa ibaba. Ang tubig na ito ay pinamumugaran ng mga pating. Gayunpaman, ang isa na nagtulak sa iyo ay nagbigay sa iyo ng isang mapang hindi nababasa ng tubig at isang tangke ng oksidyen o hangin upang mahanap ang ligtas na lugar upang maabot ang isang magandang tropikal na isla kung saan mananatili ka ng walang hanggan. Kung ikaw ay matalino, gagamitin mo ang mapa at mararating ang kaligtasan ng isla. Habang, naiipit sa tanong na *Bakit mo ako itinapon dito?* marahil ay nangangahulugang ikaw ay kinakain ng mga pating. Para sa mga Muslim, ang Quran at mga tradisyon ng Propeta ay ang mapa at tangke ng oksidyen o hangin. Sinasabi nila sa atin kung paano mahanap ang tamang landas ng buhay. Kailangan nating malaman, mahalin at sundin ang Diyos, at italaga ang lahat ng mga gawaing pagsamba sa Kanya lamang. Ang totoo mayroon tayong pagpipilian ang pinsalain ang ating sarili sa hindi pagpansin ng mensaheng ito, o yakapin ang pag-ibig at awa ng Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap nito.

*Huling nabago noong 30 Enero 2017.* Kinuha at inangkop mula sa aking libro "The Divine Reality: God, Islam & The Mirage of Atheism". Maaari kang bumili ng libro dito.

---

Talababa:

[1] Mahali, J. and As-Suyuti J. (2001) Tafsir al-Jalalayn. 3rd Edition. Cairo: Dar al-Hadith, p. 302. Maaari mong ma-access ang isang kopya online sa: https://ia800205.us.archive.org/1/items/FP158160/158160.pdf [Accessed 1st October 2016]

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/tl/articles/11264/kailangan-ba-ng-diyos-ang-ating-pagsamba-bakit-nilikha-niya-tayo-upang-sambahin-siya

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.